Mga Tagubilin Tungkol sa Nakasulat na Pagtatanong na Dental/Porma ng Reklamo

Mangyaring kumpletuhin ang Porma ng Karaingan (Reklamo). Sa Health Net, ang isang reklamo at karaingan ay magkapareho. Mangyaring magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong reklamo at sabihin sa amin kung paano mo gustong lutasin ang reklamo. Sa sandaling maipadala mo itong **Porma**:

- Sa susunod na araw ng trabaho pagkatapos matanggap itong **Porma** , hahawakan ng Health Net ang iyong reklamo.
- Sa loob ng limang (5) araw pagkatapos matanggap itong **Porma**. Ang Health Net ay magpapadala sa iyo ng liham upang ipagbigay-alam sa iyo na ang iyong reklamo ay natanggap.
- Sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap itong **Porma**, ang iyong reklamo ay susuriin. Ipagbibigay-alam sa iyo ng Health Net ang desisyon tungkol sa iyong reklamo (kilala bilang nakasulat na paunawa ng aming pagpapasiya).

Ang isang kopya ng **iyong Porma ng Karaingan** ay maaaring ibigay sa (mga) dentistang nagkaloob ng paggamot. Ito ay tutulong sa amin na gumawa ng pananaliksik at lutasin ang bagay na ito.